Republic of the Philippines
# Department of Education
**REGION XI**
**SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY**

Office of the Schools Division Superintendent

**DIVISION MEMORANDUM**
CID-2026-224

To : CID and SGOD Chiefs
Education Program Supervisors
Public Schools District Supervisors
Section Heads
All Division Office Personnel

Subject : **PAGSASAGAWA NG PANAPOS NA PALATUNTUNAN NG 2026 BUWAN NG WIKANG PAMBANSA PARA SA MGA KAWANI NG DIBISYON**

Date : **Agosto 10, 2026**

Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026 at sa adhikain ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), magsasagawa ang Schools Division of Digos City ng Panapos na Palatuntunan para sa mga kawani ng dibisyon sa Agosto 27, 2026 sa Schools Division Office. Ang pagdiriwang ay nakaangkla sa temang, "Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon."

Layunin ng gawaing ito na palalimin ang pagpapahalaga sa wikang Filipino bilang wika ng kaalaman, pananaliksik, makabuluhang komunikasyon, at responsableng paggamit ng makabagong teknolohiya, kasabay ng pagtataguyod ng kulturang Pilipino at pagkakaisa sa lugar ng trabaho.

Bilang bahagi ng serye ng mga gawain, isasagawa ang mga sumusunod:

a. Pagsasanay sa "Wikang Filipino at Responsableng Paggamit ng AI sa Pananaliksik"

b. Parada ng Magarang Kasuotang Pilipino (Filipiniana/Barong)
Ang lahat na kawani ay paparada suot ang kani-kanilang magarang Filipinong kasuotan.

c. Kultura Remix
Ito ay patimpalak sa pag-awit, pag-interpret at pagsayaw ng Folk Song ng Kabisayaan/Awiting Bayan (Pasayawa Ko Day ni Jess C. Saclo). Maaaring gawing makabago ang presentasyon ngunit kailangang mapanatili ang orihinal na diwa at kahulugang kultural ng awitin. Isang babae at isang lalaki ang magiging kalahok.

d. Pinoy Commercial Challenge
Bubuo ang bawat pangkat (3-5 na meyembro) ng 2-3 minutong patalastas na nagtatampok at nagtataguyod sa wika Filipino, kulturang Pilipino mga pagpapahalagang Pilipino, o produktong Pilipino. Hinihikayat ang masaya, nakakatawa, malikhain, at orihinal na presentasyon.

e. Laro ng Lahi - mga piling tradisyunal na larong Pilipino.

Sa pagsasanay, bibigyang-diin ang paggamit ng AI bilang katuwang sa pananaliksik nang may pananagutan, kabilang ang pagsusuri at beripikasyon ng impormasyon, wastong pagsipi at pagkilala sa sanggunian, pag-iwas sa plagiarism, at paggalang sa privacy at integridad ng datos.

Hinihikayat ang lahat ng functional divisions at sections na aktibong makilahok at magtalaga ng mga kalahok sa mga patimpalak. Ang lahat ng kawani ay inaanyayahang magsuot ng Filipiniana o Barong sa araw ng panapos na palatuntunan.

Ang tiyak na mekaniks at iskedyul ng bawat patimpalak at gawain ay ipababatid sa pamamagitan ng hiwalay na abiso. Titiyakin ng mga Section Head ang patuloy at maayos na paghahatid ng mahahalagang serbisyo ng tanggapan habang isinasagawa ang mga gawain.

Ang aktibong pakikiisa ng lahat ay lubos na inaasahan upang maging makabuluhan ang pagdiriwang at mapalakas ang pagpapahalaga sa wikang Filipino sa gitna ng makabagong teknolohiya.

Para sa kaalaman at kaukulang aksyon.

**MELANIE P. ESTACIO, PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
DATE: 17 AUG 2026 TIME: 7:54 pm
BY:

Roxas Street cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City 8002
(082) 553-8396 | (082) 553-8376 | (082) 553-9170 | (082) 553-8375
(082) 553-8396 | (082) 553-8376
www.depeddigoscity.org | digos.city@deped.gov.ph

## 2026 BUWAN NG WIKANG PAMBANSA CULMINATION
## MGA ALITUNTUNIN, MEKANIKS, AT PAMANTAYAN SA PAGHATOL

### A. Pangkalahatang Alituntunin

1. Ang mga patimpalak ay bukas sa mga **kawani ng Schools Division Office of Digos City**.
2. Ang bawat Functional Division/Section ay maaaring magtalaga ng kinatawan o pangkat para sa bawat patimpalak.
3. Ang lahat ng kalahok ay inaasahang magpakita ng paggalang sa kulturang Pilipino, wikang Filipino, at kapuwa kalahok.
4. Ang desisyon ng lupon ng mga hurado ay **pinal at hindi na mababago**, maliban sa mga patimpalak na gumagamit ng objective scoring tulad ng Quiz/Pagbabaybay at Laro ng Lahi.
5. Ang anumang kagamitan, kasuotan, o presentasyon ay hindi dapat naglalaman ng mapanira, diskriminatori, o hindi angkop na mensahe.
6. Ang mga patimpalak ay isasagawa alinsunod sa itinakdang oras ng programa at nang hindi naaapektuhan ang mahahalagang tungkulin at serbisyo ng Division Office.

---

### PATIMPALAK SA MAGARANG KASUOTANG PILIPINO / FILIPINIANA AT BARONG

#### Mekaniks

1. Lahat ng pansangay na kawani ay kalahok.
2. Ang babaeng kalahok ay maaaring magsuot ng Filipiniana o iba pang angkop na kasuotang Pilipino, samantalang Barong Filipino o katumbas na tradisyonal na kasuotan ang maaaring isuot ng lalaking kalahok.
3. Maaaring gumamit ng tradisyonal o kontemporanyong disenyo basta't nananatiling malinaw ang **pagkakakilanlang Pilipino** ng kasuotan.
4. Hindi kinakailangang mamahalin ang kasuotan. Higit na bibigyang-halaga ang pagiging angkop, maayos, malikhain, at may pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.

#### Pamantayan sa Paghatol

| Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| Pagka-Pilipino at Kaangkupan sa Kulturang Pilipino | **35%** |
| Kagandahan, Kaayusan at Elegansiya ng Kasuotan | **25%** |
| Pagkamalikhain at Kabuuang Konsepto | **20%** |
| Tindig, Kumpiyansa at Paraan ng Pagdadala ng Kasuotan | **20%** |
| **Kabuoan** | **100%** |

---

### INTERPRETATIBONG AWIT ("PASAYAWA KO DAY")

#### Mekaniks

1. Bawat Functional Division/Section ay magkaroon ng **dalawang (2) kalahok. Isang babae at isang lalaki**.
2. Ang piyesang gagamitin ay ang awiting **"Pasayawa Ko Day."**
3. Maaaring gumamit ng minus-one, instrumental accompaniment, o live accompaniment.
4. Hinihikayat ang malikhaing interpretasyon sa pamamagitan ng angkop na kilos, galaw, ekspresyon, at simpleng props.
5. Ang presentasyon ay hindi dapat lumampas sa itinakdang haba ng awitin.
6. Ang mga kilos at interpretasyon ay dapat manatiling magalang at naaayon sa diwa ng pagdiriwang ng kulturang Pilipino.

**Pamantayan sa Paghatol**

| Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| Kalidad ng Tinig, Tono at Musikalidad | **30%** |
| Interpretasyon at Pagpapahayag ng Mensahe ng Awit | **30%** |
| Pagkamalikhain ng Presentasyon | **20%** |
| Kumpiyansa, Stage Presence at Audience Impact | **15%** |
| Kabuuang Kaayusan ng Pagtatanghal | **5%** |
| **Kabuuan** | **100%** |

## ISAHANG AWIT – AWITING BAYAN

**Mekaniks**

1. Bawat Functional Division/Section ay magtalaga ng **isang (1) kalahok**.
2. Ang kalahok ay aawit ng isang **Awiting Bayan o tradisyonal na awiting Pilipino**.
3. Maaaring gumamit ng minus-one, instrumental accompaniment, o live accompaniment.
4. Hindi pahihintulutan ang prerecorded lead vocals na sasabay sa kalahok.
5. Ang pagpili ng awit ay dapat angkop sa layunin ng Buwan ng Wikang Pambansa at nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura at tradisyong Pilipino.

   Piyesa: Ang piyesa ng awitin ay mula sa listahan ng mga Awiting-Bayan tulad ng:

   Katakataka — Sitsiritsit
   Ang Pipit — Leron Leron Sinta
   Mamang Sorbetero — Dalagang Pilipina
   Manang Biday — Bahay Kubo
   Waray Waray — Paruparong Bukid, atbp

6. Dapat maipasa nang maaga sa Technical Committee ang pamagat ng awit upang maiwasan ang anumang teknikal na suliranin sa araw ng paligsahan.

**Pamantayan sa Paghatol**

| Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| Kalidad ng Tinig at Wastong Pag-awit | **35%** |
| Interpretasyon at Damdamin | **25%** |
| Wastong Bigkas at Linaw ng mga Salita | **20%** |
| Stage Presence at Kumpiyansa | **15%** |
| Kabuuang Dating ng Pagtatanghal | **5%** |
| **Kabuuan** | **100%** |

## PALIGSAHAN SA KAALAMANG FILIPINO AT PAGBABAYBAY

Maaaring isagawa ito bilang **pinagsamang Quiz at Spelling Competition** upang maging mas masigla at maikli ang programa.

**Mekaniks**

1. Bawat Functional Division/Section ay maaaring magtalaga ng **isang (1) kalahok**.
2. Ang paligsahan ay magkakaroon ng dalawang bahagi:

**Unang Bahagi – Pagsusulit sa Kaalamang Filipino**

- Kasaysayan at pag-unlad ng Wikang Pambansa

- Wika at kulturang Pilipino
- Wastong gamit ng Filipino
- Mahahalagang personalidad at pangyayari kaugnay ng wika
- Pangkalahatang kaalaman kaugnay ng Buwan ng Wika

**Ikalawang Bahagi – Pagbabaybay**

- Ang mga salitang gagamitin ay ibabatay sa wastong baybay at mga tuntunin ng **Makabagong Ortograpiyang Filipino**.
- Babasahin muna ng tagapagbigay ng salita ang salita, gagamitin ito sa pangungusap kung kinakailangan, at saka muling bibigkasin.
- Kailangang malinaw na sabihin ng kalahok ang bawat titik ng salita.
- Hindi na maaaring baguhin ang sagot matapos ipahayag ng kalahok na tapos na ang kaniyang pagbabaybay.

**Sistema ng Pagmamarka**

**Quiz**

- Madali – **1 punto**
- Katamtaman – **2 puntos**
- Mahirap – **3 puntos**

**Pagbabaybay**

- Madali – **1 punto**
- Katamtaman – **2 puntos**
- Mahirap – **3 puntos**

Ang kalahok na may **pinakamataas na pinagsamang puntos** ang tatanghaling kampeon.

Sa pagkakatabla, magkakaroon ng **sudden-death question o spelling word** hanggang magkaroon ng lamang ang isang kalahok.

---

**LARO NG LAHI**

**Layunin**

Ang Laro ng Lahi ay naglalayong muling buhayin at tangkilikin ang mga tradisyunal na larong Pilipino at palakasin ang samahan, kooperasyon, at sportsmanship ng mga kawani.

**Mga Maaaring Laro**

Maaaring pumili ang Technical Committee ng tatlo hanggang limang laro tulad ng:

- **Patintero**
- **Tumbang Preso**
- **Kadang-kadang**
- **Sack Race**
- iba pang tradisyunal na larong Pilipino na ligtas at angkop sa lugar.

**Pangkalahatang Mekaniks**

1. Ang bawat Functional Division/Section ay bubuo ng pangkat ayon sa kinakailangang bilang ng manlalaro sa bawat laro.
2. Ang bawat laro ay magkakaroon ng hiwalay na panuntunan na ipaliliwanag bago magsimula ang kompetisyon.
3. Kailangang sumunod ang lahat ng kalahok sa safety precautions at instruksyon ng Game Officials.
4. Mahigpit na ipinagbabawal ang anumang kilos na maaaring makapinsala sa kapwa manlalaro.
5. Ang desisyon ng Game Officials hinggil sa resulta ng bawat laro ay pinal.

6. Ang pangkat na may pinakamaraming puntos pagkatapos ng lahat ng laro ang kikilalaning **Kampeon sa Laro ng Lahi**.

**Mungkahing Point System**

| Puwesto | Puntos |
|---|---|
| Unang Puwesto | **10 puntos** |
| Ikalawang Puwesto | **7 puntos** |
| Ikatlong Puwesto | **5 puntos** |
| Ikaapat na Puwesto | **3 puntos** |
| Participation | **1 punto** |

Kapag tabla ang kabuuang puntos, maaaring gamitin bilang tie-breaker ang resulta ng huling larong itina-kda ng Technical Committee.

**KOMITE**

1.) Iba't ibang Paligsahan (Tagapasimuno – OSDS and SGOD)
  * Parada ng Makabansang Kasuotan
  * Isahang Awit
  * Interpretatibong Awit
  * Laro ng Lahi

2.) Papremyo - Accounting

3.) Programa - CID